**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## III. ANG TATLONG KAAWAY NA SANHI NG MGA PRESSURES IN LIFE

Dahil sa kasalanan, ang dating makadiyos na kalikasan ng tao ay napalitan ng makasariling kalikasan. Ang naging natural sa tao ay ang pagsamba at paglilingkod, sa sarili at hindi na sa Diyos. Naging natural din sa tao ang paghahangad na sundin ang pita ng kanyang laman at hindi ang intimate relationship sa mapapangasawa. Ang paghahangad na yumaman sa pinakamadali at pinakamabilis na paraan ay naging natural din sa tao; hindi bale na kung labag sa batas o kung may masasaktan.

Ang unang pinanggagalingan ng pressure na dapat mong bantayan ay ang sariling pagnanasa. Ito ang *internal pressure*; galing sa loob ng sariling pagkatao.

**Time Out**

Ano ang naging natural sa tao matapos mahulog sa kasalanan?

______________________________________________________________

Ano ang unang pinanggalingan ng pressure na dapat mong bantayan?

______________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.



**Genesis 4:1-16**

Sina Adan at Eba ay mayroong dalawang anak. Cain ang pangalan ng panganay at Abel naman ang pangalawa.

Si Abel ay naging pastol, habang si Cain ay naging magsasaka. Dumating ang panahon na naghandog ang magkapatid sa Diyos. Si Cain ay naghandog ng kanyang ani mula sa bukid. Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan. Pinatay niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi. Ang Diyos ay nasiyahan kay Abel at sa kanyang handog, ngunit hindi niya kinalugdan si Cain at ang handog nito.

Dahil dito, hindi mailarawan ang mukha ni Cain sa tindi ng galit. Kaya't sinabi ng Diyos, "*Anong ikinagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang ginawa mo, hindi ka ba kaluluguran? Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong pagharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito*."

Isang araw, niyaya ni Cain ang kanyang kapatid na pumunta sa bukid. Sumama naman ito, ngunit pagdating nila sa bukid ay pinatay ni Cain si Abel.

Kaya naman tinanong ng Diyos si Cain, “Nasaan ang kapatid mong si Abel?”

Sumagot siya, “Hindi ko alam. Bakit, ako ba'y tagapag-alaga ng aking kapatid?”

At sinabi ng Diyos, “Cain, ano itong ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid, at humihingi ng katarungan”. Pinarusahan ng Diyos si Cain. Sinabi ng Diyos na hindi na makakapag-ani si Cain kahit bungkalin nito ang lupa. Siya ay magpapagala-gala sa daigdig. Nilagyan ng Diyos si Cain ng palatandaan sa noo bilang babala na hindi siya dapat patayin ninuman.

Pagkatapos nito, si Cain ay umalis sa harap ng Diyos. Siya ay nagtungo sa lupain ng Nod palayo sa Diyos.

**Hebreo 11:2 at 4**

Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon dahil sa kanilang pananampalataya.

Dahil sa pananampalataya sa Diyos, si Abel ay nag-alay ng mas mabuting handog kaysa sa inihandog ni Cain. Kaya naman si Abel ay kinilalang matuwid nang tanggapin ng Diyos ang kanyang handog. Kahit patay na, nagsasalita pa siya sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.

1. Ayon sa kwento, kaninong handog ang tinanggap ng Diyos?

   ______________________________________________

2. Bigyang pansin ang sinabi ng Diyos kay Cain noong ito ay nakakaramdam ng matinding galit. Saan nalulugod ang Diyos?

   ______________________________________________

3. Anong babala ang sinabi ng Diyos kay Cain?

   ______________________________________________

4. Bakit tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel at hindi ang kay Cain?

   ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**


Nang maghandog ang magkapatid sa Diyos, kinalugdan Niya ang handog ni Abel habang kabaligtaran naman ang kay Abel. Bigyang pansin ang sinabi ng Diyos na kung mabuti ang ginawa - ito ay kaluluguran Niya, kung masama naman – ito ay kasalanan. Pinayuhan din ng Diyos si Abel na matutong paglabanan ang kasalanan.

Ang original na makadiyos na tao, na pinagkalooban ng Diyos ng pamamahala sa mundo, ay naging makasarili nang siya ay mahulog sa kasalanan. Dahil sa kasalanan, naging corrupt ang puso ng tao at ang kanyang isip ay nagdilim. Ang nasa isip lamang niya ay magkaroon ng self-gratification (kasiyahan sa sarili). Kaya naman ang kanyang mga naisin ay ang mga bagay na makapagbibigay lamang sa kanya ng kasiyahan. Hindi na maisip ng tao na bigyang kaluguran ang Diyos. Ang kanyang ikikilos at isasapamuhay ay maliwanag na taliwas o di na sang-ayon sa kung ano ang kalooban ng Diyos.

Tulad ni Cain sariling kasiyahan lamang ang kanyang inisip. Hindi niya ninais na bigyang kaluguran ang Diyos kaya't hindi rin siya nakinig sa Kanyang payo. Bunga nito hinayaan ni Cain na pagharian siya ng kasamaan sa puso at naging resulta ay ang pagpatay sa kanyang kapatid.

Pagisipan ito. Ang kabataan na pinagsasabihan ng kanyang magulang na mag-aral ng mabuti, sapagkat ito ang tamang gawin ay hindi makikinig o susunod. Sa halip, gagawin ang ibang bagay na makakapag-bigay sa kanila ng kasiyahan.

Anong mga bagay ang mas uunahin pang gawin ng karamihang kabataan na tulad mo sa halip na mag-aral at makinig at sumunod sa magulang? Isulat ang iyong Top 3 answers.




Kung ang kabataang ito ay nag-iisip pa, maaaring magkaroon ng pagtatalo sa kanyang isipan kung susundin niya ang payo ng magulang o hindi. Subalit kung totally corrupt na ang puso at isip niya, siguradong wala na siyang pakikinggan at magiging manhid na ang kanyang puso. Ibig sabihin, wala nang struggle na mararanasan at automatic na ang gagawin niya ay ang mali.

Ang unang kaaway mo na dapat mong mapagtagumpayan ay ang makasalanang kalikasan ng tao, taglay mo at taglay ng lahat tao.

Handa ka na bang paglabanan at pagtagumpayan ang makasalanang kalikasan mo?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

Sa paanong paraan mo mapaglalabanan ang katigasan ng iyong ulo upang maisakatuparan ang plano ng Diyos sa buhay mo na sumunod at magpasakop sa iyong mga magulang?

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang unang pinagmumulan ng pressure ay: |

**Verse of the Day:**

Isang pusong tapat sa aki’y likhain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.

**Mga Awit 51:10**